DALIN
Journal of Literature Educators
Association of the Philippines, Inc.
**POETRY**

# Dalawang Tula

Radney Ranario
National University, Manila, Philippines

**Sa Ateneo Art Gallery**

**(Mula sa kuhang larawan ni Nathaniel Gutierrez na "Man Pulling a Cart in Bonn, Germany, 1945")**

Naiisip ko lagi si Auden
At ang *Musee des Beaux Arts*
Tuwing papasok sa galeriya.

Ngayon, habang nakatitig sa larawan,
Mahirap di sumagi sa guniguni
Ang hinagpis ng retratista.

Katulad marahil ng pagtangis ni Brueghel
Habang idinadakila ng kulay
At hagod ng pinta

Ang mga detalye ng paghihirap.
Ang pagkapugnaw halimbawa ng pakpak
Ni Icarus at pagdaka'y pagkalunod

Sa tubig; mapanglaw ang larawan,
Tumatabon ang anino sa likod
Na lalong nagpatingkad sa liwanag

Ng matandang hila-hila ang karitong
Liglig sa isinakong mga karga.
Nakaumang ang kaliwang paa't nakakurba

Ang tuhod, may taling ipinulupot
Sa dibdib at ihinikot sa gitna ng kariton.
Talos mong ubos-lakas ang kanyang paghatak.

Madalas, sa magagarbong galeriya
Ang huling hantungan ng tahimik
Na trahedya ng karaniwang paghihirap.

At dumaraan sa muni ng edukado, simpatikong burgis!

**Gutom**

*Hunger has a language which only the hungry can understand.*
*--**Poverty: sign of our times, Fr. Aloysius Schwartz***

*But what I should really say is that hunger occupied me like an empty house...*
*--**Peeling The Onion, Gunter Grass***

Dumadalas noon ang pagkalam ng tiyan
Sa gitna ng paghahalukay ng tumpok ng basura
Sa katabing subdibisyon; kung saan may loteng
Di pa natitirikan ng bahay, naroon ang kalat.

Bote, lata, karton, papel, upos ng sigarilyo,
Mga tira-tirang buto ng manok, isda, baboy;
Tuyong dahong pinulbos ng suwelas, alikabok at alipatong
Umaalimbukay kapag dinudutdot ng istik.

Sumusurot sa ilong ang kasusunog na tambak—
Magkahalong asim ng panis na gulay, parang kaning-baboy
At tapang ng natunaw na selopeyn at plastik.
Ang hangin, abo ng samot- saring kalat.

Dama ko ang hapdi ng sikmurang kumakalam.
Parang patalim na humihiwa sa loob
Habang isinasako ang mga lata at karton,
Ano mang maaaring pagtiyagaan pa ng junkshop.

Nananahan ang gutom sagad sa buto
Kahit lumipas pa ang maraming mga taon.
Ngayon, habang hinihimas ko ng palad ang maumbok nang tiyan
Nasasaling ko ang kirot sa hinalukay na mga gunita.

---

May-akda si Radney Ranario ng *Paglusong: Mga Tula* (UST Publishing House, 2017). Nagtapos siya ng MFA Creative Writing sa De La Salle University, Manila. Nagwagi siya ng Ikalawang Gantimpala sa Tula mula sa Komisyon sa Wikang Filipino noong 2023. Kasalukuyan naman siyang nagtuturo sa National University, Manila.


Corresponding Author: radneyranario@gmail.com